MODYUL 6 PAGTUKLAS AT PAGLINANG NG WIKA AT NG MGA KAALAMAN BATAY SA LOKAL AT/O KATUTUBONG KAALAMAN

PANIMULA

Higit 170 ang mga wika sa Pilipinas at kaugnay ng mga wikang ito ay ang mayabong na mga kulturang mayroon tayo. Ang ating mga wika at kultura ay mga salik sa pagpapaunlad ng wikang Filipino. At dahil ang wika ay sumasalamin sa pananawmundo ng isang tao, ito rin ang sumasalamin sa yamang kaalaman natin.

Sa modyul na ito, tatalakayin natin kung paano pinagyayaman ng mga lokal at/o katutubong kaalaman ang ating mga wika. Upang matalakay natin ito, pag-uusapan natin ang dalawang mahalagang paksa: mga kaalamang natatangi sa isang lugar o grupo ng mga tao, at ang nilinang na kaalaman mula sa lokal at/o katutubong kaalaman.

Ang mga lokal at katutubong kaalaman ay tumutukoy sa mga maunlad na sistema ng kaalaman na ginagamit at pinauunlad ng tao batay sa mahabang interaksyon nito sa kanyang paligid (Llaneta). Samakatuwid, ang pagbabalik sa ating mga lokal at katutubong kaalaman ay makatutulong upang mas mapalalim natin ang ating pagkakakilanlan bilang isang Pilipino. Ginamit si Prospero Covar ang banga para salaminin ang pagkataong Pilipino. Ayon sa kanya, tulad ng isang banga, ang katawan ay nagsisilbing isang sisidlan na may labas na anyo, loob na anyo at lalim. At sa lalim ng katawan nananahan ang kaluluwa kasama ang budhi. Ibinigay niyang halimbawa ang mga sumusunod na tambalan ng mga bahagi ng katawan upang maipaliwanag ang konsepto ng loob at labas: mukha-isipan, dibdib-puso, tiyan-bituka, at sikmura-atay. Ibinigay ni Covar na halimbawa na lamang sa tambalang mukha at isipan ang mga salita o parirala na nagpapakita ng koneksyon ng dalawang ito tulad ng “malapad na noo” na ang ibig sabihin ay matalino at “salubong ang kilay” para ilarawan ang pagiging galit o mainitin ang ulo. Ibinigay pa niyang dagdag na halimbawa ang mga sumusunod para maipaliwanag, hindi lamang ang tambalan ng mga loob at labas kundi pati na rin kung papaano ito nagiging salamin ng ating pagkatao:

> “Nagkaugnay sa utak ang isipan. Ang isip ang pinagmumulan diwa, kamalayan, ulirat, talino at bait. Sa pag-iisip din nakasalalay ang pag-unawa. Mayroon tayong mga parirala gaya ng mga sumusunod: mataas mag-isip, walang malay, walang bait, walang ulirat, matalino, bukas ang kamalayan, atbp. Ang pag-iisip ng tao ay hindi lamang nahahayag sa kanyang intension kundi lalong higit sa kanyang pagkilos o gawa. Ang kilos ng isang tao ay masasabi nating pino, magaspang, garapal, magaslaw, makatao, ka-Diyos at makabayan. Ang mga ito ay kapahayagan din ng pagkatao (Covar).”

Higit pa sa pag-unawa ng pagkatao ang pag-aaral ng kaalamang bayan. Ito ay napagyayaman ng ating mga lokal at katutubong kaalaman. Ayon nga kay Zeus Salazar, “ang wika ay hindi lamang daluyan kundi, higit pa rito, *tagapagpahayag* at *impukankuhanan* ng alinmang kultura. (19)”. Marami nang pag-aaral ang naisagawa na nagpapakita ng mayamang relasyon ng wika at lokal at/o katutubong kaalaman. Sa pamamagitan ng mga wika ay nakikita na napakarami nating mga kaalaman na magkakapareho o ‘di kaya’y magkakaugnay. Mayroon tayong mga lokal at/o katutubong kaalaman hinggil sa pagkain, kapaligiran, kalusugan, paniniwala, sining, kalamidad at sakuna, kasarian, kabuhayan, kalakalan, at iba pa.

Isang halimbawa ng paguugnay-ugnay ng wika ng ating mga kaalaman ay makikita sa pag-aaral na *Ginhawa: Well-being as Expressed in Philippine Languages* ni Consuelo M. Paz na tumatalakay ng konsepto ng “ginhawa” sa iba’t ibang wika sa Pilipinas. Kinakitaan ng mga pagkakapareho at pagkakaiba ang pagbibigay-kahulugan ng mga tao sa konsepto ng “ginhawa” at kung papaano ito kaugnay sa kapaligiran at kalusugan. Tungkol sa konsepto ng kaginhawahan rin ang pag-aaral na may pamagat na *Kaginhawahan: Mula sa Sinapupunan Hanggang sa Kabilang Buhay* nina Cynthia Neri Zayas at Eufracio C. Abaya. Sa kanilang pag-aaral ay tinalakay naman nila ang konsepto ng kaginhawahan mula sa kapanganakan hanggang sa kamatayan ng 15 etnolinggwistikong grupo.

Isa pang halimbawa ng ugnayan sa pagitan ng wika at kaalaman ay ang masinsin na pag-aaral na isinagawa ni Dante L. Ambrosio na may pamagat na *Katutubong Bituin ng mga Pilipino*, hinggil sa paggamit ng mga bituin ng iba’t ibang etnolinggwistikong grupo, sa iba’t ibang gawain tulad ng pagsasaka at pangingisda. Katunayan, makikita sa mga grupong etnolinggwistiko na mayroon tayong sariling katawagan para sa mga bituing may katumbas na tawag sa kanluran.

Maging ang pang araw-araw na gamit tulad ng bangka ay mayroong malalim na ugnayan sa ating mga kaluluwa batay sa katutubong kaalaman. Ito ang paksa ng papel ni Maria Bernadette L. Abrera na *Bangka, Kaluluwa, at Katutubong Kaalaman*.

2.0 NILINANG NA KAALAMAN MULA SA LOKAL AT/O KATUTUBONG KAALAMAN

Isa sa mga kahalagahan ng ating mga kaalaman ay ang pagpapaunlad sa ating mga komunidad. Madalas ay pinagbabangga ng mga tao ang pag-unlad at pagpapahalaga sa tradisyon at katutubong kaalaman. Subalit ayon nga kay Celeste Anne Castillo Llaneta, isang perspektiba lamang ang tunggalian sa pagitan ng modern at katutubong kaalaman; bagkus "sa paggamit ng perspektibong batay sa tulungan at pantay na pagbibigay-halaga sa dalawang kaalaman, mas malaki ang maitutulong nito sa larangan ng community development." Nagbigay siya ng ilang halimbawa kung sa papaanong paraan nagkakaroon ang pagsasa-kapangyarihan o *empowerment* sa mga tao sa komunidad at sa kanilang nalalaman. Ilang mga halimbawa ni Llaneta ay ang kaalaman sa mga babala ng hayop at iba pang babala na nagbabadya na may parating na sakuna. Ang kaalamang ito ay makatutulong para sa programa ng kahandaan sa pagharap sa pinsala sa mga komunidad. Ilan pang halimbawa na inilatag ni Llaneta ay ang kaalaman sa mga halamang gamot at pinagkukunan ng tubig na makatutulong sa pagpapaunlad pang lalo ng mga programang pangkalusugan at patubig ng mga komunidad.

Sumasalamin rin ang wikang ginagamit natin sa kung gaano kayaman ang ating lokal at katutubong kaalaman. Halimbawa na lang nito ay ang sistema ng pagsasaka sa Bayyo, Mt. Province. Sa Bayyo, binubuo ang kanilang sistema ng pagsasaka ng *payew* (irrigated rice fields) na mayroong itinatanim na *tithonia diversifolia* (specie ng tree marigold) para mapanatili ang sustansya ng lupa*, katualle (*permanent swidden)*,* at *uma* (shifting cultivation plots) – bawat isa ay mahalaga para mabuhay ang sistema. (MacaleMacandog & Ocampo). Ang mga katawagang ito ay patunay na bago pa man dumating ang pormal na siyensya ng pagsasaka sa kanila ay mayroon nang matatag na kaalaman sa pagsasaka ang komunidad.

Ang malaking isyu ngayon ay kung papaano ipagtatanggol ang ating yaman (likas man o kultural) sa inog ng globalisasyon na para lamang sa kapital at hindi para sa mamamayan. Sa artikulo ni Vivencio R. Jose na *Wika at Globalisasyon: Kalakaran, Pagtanggi, at Pag-aangkin,* tinalakay niya ang papel ng wika sa kasaysayan ng merkado mula sa panahon ng mga Kastila hanggang sa globalisasyon ngayon. Tinalakay ni Jose ang kung paano ginamit ng mga *Multi-national Corporations* (MNCs) ang kultura upang magkamal ng kapital at kung papaano nila ginamit ang mga "dominanteng senyas, simbolo, moda, fashion, estilo, imahen, at representasyon na suportado ng kanilang kaukulang impraestruktura upang laklakin ang daigidig." Para kay Jose, mahalaga ang ating pag-aangkin sa ating karunungan at pagkakaroon ng kapasyahang pulitikal sa pagtatanggol ng ating mga yaman.

Para naman kay Mary Jane Rodriguez-Tatel, ang mga pag-aaral sa ating mga katutubo at/o lokal na kaalaman ay porma upang labanan ang "deskolonisasyon, kontradominasyon, at pagsasakapangyarihan sa larang ng pagteteorya at ng kaakibat nitong pagbuo ng makabuluhang metodolohiya (153)" at bahagi ang mga Pilipinong dalumat na mga ito sa "pagsasa-Pilipino (154)". Maganda ring bigyan-diin ang kanyang paalala na ito ay hindi lamang para sa pagkakaroon ng sariling pagkakakilanlan pero para sa "pagbubuo ng bansa at pagbabangong dangal ng lahing Pilipino hanggang maabot nito ang estado ng matatag na kakanyahang makapag-aambag din sa diwa ng unibersalismo (Rodriguez-Tatel, 156-157)".

Mahalaga itong tunguhin dahil bagamat mayroon iba't ibang kultura ay dapat makita ang mga bahaging lahat tayo ay nagkakaisa. Halimbawa, ang konsepto ng lupa, bagamat may pagkakaiba ang kultural na iskema ng mga Pilipino, saanmang lugar o pangkat-etnolinggwistiko sila nagmula, hinggil sa lupa (hal. koneksyon nito sa buhay, pagkakakilanlan, atbp.), pare-pareho ang panawagan na ang lupa ay para sa mamamayan.

PANGWAKAS

Batay na rin sa masusing talakayan at mga pananaliksik, makikita na ang Pilipinas ay mayroong mayamang kaalamang naka-angkla sa mga lokal at katutubong kaalaman at ito ay taliwas sa pananaw ng mga mananakop na tayo ay mga di-sibilisado, mangmang at di-edukado, ideyolohiyang walang basehang na binitbit ng Amerika para bigyangkatwiran ang kanilang pananakop sa atin (Basahin ang resolusyon sa ibaba ni Albert J. Beveridge na may pamagat na *In Support of an American Empire* kung bakit dapat manatili ang Pilipinas bilang teritoryo ng Amerika noong 1900).

"Self-government is no base and common thing to be bestowed on the merely audacious. It is the degree which crowns the graduate of liberty, not the name of liberty's infant class, who have not yet mastered the al phabet of freedom. Savage blood, Oriental blood, Malay blood, Spanish example - are these the elements of self government?"

Ngayon, ang pananakop ay hindi na lang teritoryal kundi isang dibisyong hindi nakikita. Sa yugto ng pagkamal ng malaking kapital, nagiging bahagi ang wika at kultura sa dominasyon ng iilan. Pero ayon kay Vivencio R. Jose, "mabisang kalasag at sandata tungo rito ang paradaym na Filipino – ang lakas, talion, at determinasyong batay sa dakila nating tradisyong historikal, makabagong diskurso ng arkipelago, pagpapabilis ng pag-unlad ng bayan habang pinapalakas ang kakayahang indibdwal at pambansa, pagaangkin ng karunungan, at pagpapatatag ng kapasyahang politikal"

Mula sa ating mga natuklasan hinggil sa wika at lokal at katutubong kaalaman, mahalaga na isapuso natin na hindi dapat pinagtutunggali ang pag-unlad sa pagpapalakas ng sariling kultura at kaalaman. Mula sa pag-angkin natin ng ating karunungan at paggamit ng mga kaalamang ito, prinsipyong magsisilbiang mga ito para sa nakararami at hindi sa iilan, dito uusbong ang kapasyahang politikal natin. At sa kapasyahang politikal ay mariing dapat tingnan ang unibersal na mga elemento sa bawat lokal at katutubong kalaaman ng ating bayan.

MODULE 7: INTELEKTWALISASYON NG WIKA

PANIMULA

Sa modyul tungkol sa wika at katutubong kaalaman, pinagtuunan ng pansin ang pagiging hanguan-imbakan ng wika ng iba't ibang kultural na impormasyon na siya ring daluyan sa pagpapahiwatig ng pinahahalagahang paniniwala ng isang etnolinggwistikong grupo. Sa ganitong pagtingin, bawat wika ay may angking natatanging kaalaman na maaaring hindi taglay ng iba pang mga wika.

Kung tinitingnan na natatangi ang lahat ng mga wika, nangangahulugan lamang na walang "mas maganda / mas mahusay" na wika. Pantay-pantay ang lahat ng mga wika sapagkat bawat isa ay may angking kalakasan at kahinaan, depende sa paggamit at pagpapahalaga ng mga indibidwal na gumagamit nito. May pangangailangan ding mapaunlad ang wika nang sa gayon ay mas magamit at mas makaagapay ito sa mga pagbabagong dala ng panahon at kultura. Kasama sa mga pagbabagong ito ay ang artikulasyon ng iba't ibang kaalaman at larang ng karunungan na nagmumula sa lokal at global na mga konteksto.

Sa modyul na ito, lilinawin at tatalakayin ang konsepto ng *intelektwalisasyon* at ang tiyak na gamit nito sa pagpapaunlad ng wika, partikular ang wikang Filipino. Susuriin mo ang gamit ng wikang Filipino sa iyong larang, at tatalakayin ang ilang mahalagang paraan sa pagpapaunlad ng wikang Filipino at kung paano ito maaaring maisakatuparan lalo na sa iyong larang.

1.0 INTELEKTWALISASYON BILANG PAGPAPAUNLAD NG WIKA

Katulad ng ibang organismo, buhay ang wika. Masasabing buhay ang wika kung patuloy itong ginagamit ng isang tiyak na linggwistikong komunidad sa kanilang mga pang-araw-araw na karananasan at kalinangan, mula sa simpleng pakikipagkuwentuhan hanggang sa pagdidiskurso ng iba't ibang kaalaman. Habang patuloy na ginagamit ang wika, patuloy ang pag-unlad nito.

Bagaman ito ang ideyal, hindi ito nangyayari sa napakaraming mga wika. Sa tinatayang humigit-kumulang na 6,909 na bilang ng mga wika ng mundo, halos nasa 99% ang sinasabing *minor languages* o yaong maliliit na wika (Ethnologue 2017) na kadalasang nagmumula sa mga maliit na bansa (heograpikal at politikal). Bunsod ng maraming salik, bawat taon ay may ilang wika ang nagiging *endangered* at tuluyan nang namamatay. Sa kaso ng Pilipinas halimbawa, maraming mga katutubong wika ang hindi na ginagamit ng nakababatang henerasyon kung kaya unti-unti na ring nawawala ang mga kaalamang nakapaloob sa kultura ng mga etnolinggwistikong grupong gumagamit ng wikang ito. Kasama rito ang kanilang kasaysayan, oral na tradisyon, paniniwala, at iba pa.

Kung kaya naman, mandato ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization o UNESCO sa mga kasaping bansa nito na mapangalagaan at mapaunlad ang kani-kanilang mga wika. Sa usapin halimbawa ng Information and Communications Technology o ICT, sinisikap ng UNESCO na mailagay at magamit sa Internet, telebisyon, radyo, new media, at iba pa ang maliliit na wika ng mundo nang sa gayon ay makasabay ang mga wikang ito sa mga napapanahong platform ng komunikasyon.

Isang tiyak na paraan ng pagpapaunlad ng wika ang *intelektwalisasyon*.

Si Bohuslav Havránek (1932) ang unang nagbanggit ng salitang “intelektwalisasyon” upang ilarawan ang prosesong pinagdaraanan sa pag-unlad ng wika. Kasama sa prosesong ito ang mga sumusunod na hakbang:

(1) Pagbuo at pagpapalakas sa kabuuang populasyon na gumagamit ng wika, partikular ang iba’t ibang grupo na may angking kaalaman at kahusayan sa paggamit ng wika. Halimbawa, ang mga doktor, siyentista, abugado, inhinyero, at iba pa ay kinakailangang makabuo ng mga tiyak na register ng wika sa kani-kanilang mga larang na sisiguro sa patuloy na pagbuo ng kaalaman at pagdidiskurso sa wikang iyon.

(2) Pagbuo at pagpapalakas sa iba’t ibang institusyon (gaya ng mga unibersidad, ospital, at pambansang aklatan), ahensiya (gaya ng ahensiya ng pagsasalin, ahensiya ng digitalisasyon, at palimbagan), at organisasyong pangwika.

Kasama ang angkop na pamamahala at paglalaan ng pinansiya, ang mga hakbang na ito ay maaaring sumagot kung paano maaaring maisakatuparan ang intelektwalisasyon ng wika (Sibayan 1999).



Bilang mag-aaral ng wika, ano-ano ang inaasahan mong mga katangian ng isang maunlad ng wika? May kaibahan ba ang katangian ng isang wika kung ito ay ginagamit lamang sa mga impormal na espasyo gaya ng kalsada, palengke, pampublikong sasakyan, at iba pa, kaysa sa mga pormal na espasyo gaya ng akademya at gobyerno? Sa iyong palagay, mas maunlad ba ang isang wika kung ito ay ginagamit sa pagpapahayag at pagdidiskurso ng mga sopistikadong karunungan at ng mga talakayang pang-akademiko?

Tingnan natin kung tama ang mga hinuha mo. Hinggil sa mga resultang ito ng intelektwalisasyon ng wika, tinukoy at nilinaw ni Joshua Fishman sa kaniyang mga pagaaral na masasabing intelektwalisado o maunlad ang isang wika kung ito ay nagagamit sa tinuran niyang “controlling domains” ng lipunan gaya ng (1) pamahalaan at mga sangay nito (tagapagpaganap, tagapagbatas, hukuman); (2) edukasyon (elementarya, sekundarya, bokayunal-teknikal, at mataas na edukasyon); (3) mga propesyon gaya ng batas, inheriya, medisina, at iba pa; (4) agham at teknolohiya; (5) negosyo, komersiyo at industriya; (6) information technology,kasama ang midyang pangmadla; (7) panitikan; at (8) ugnayang internasyunal. Ibig nitong sabihin, habang mas ginagamit ang isang wika sa isang partikular na domeyn, mas dumarami ang mga salita o bokabularyong nalilikha upang madiskurso ang mga kaalaman, impormasyon, at kaisipang nakapaloob sa mga domeyn na ito.

Bagaman kinikilala ang ambag ng bawat institusyong panlipunan sa pagpapaunlad ng wika, mas nakapaloob sa akademya ang pagpaparami ng mas depinido, tiyak, at angkop na terminolohiya na magagamit sa mga diskursong akademiko.Dagdag dito. naipapakita ang lawak ng wika sa pamamagitan ng mayamang korpus ng literatura at publikasyon sa nasabing wika (Constantino, 2009). Susog dito ang pag-aaral ni TorresYu (2005) kung saan binuod niya ang apat na mga katangian ng isang intelektwalisadong wika:

(1) Ginagamit ito ng mga dalubhasa sa kanilang pagdidiskurso:
(2) May sapat na mga terminong teknikal na aangkop sa mga hiniram na salitang dayuhan;

(3) May sapat na bokabularyong magagamit sa pagpapahayag ng mga abstraktong kaisipan; at
(4) May modernong alpabetong makakaangkop sa pagpasok ng mga salitang hiniram.

Huwag kang malunod sa dami ng impormasyon hinggil sa intelektwalisasyon. Isipin mo na lang na mas mainam kung sa wika

mo maipahahayag nang mas mahusay, at mauunawaan nang mas lubos, ang mga bagay-bagay hinggil sa iba’t ibang karunungan.

2.0 WIKANG FILIPINO SA IYONG LARANG

Gaya nang naunawaan mo sa kasaysayan ng wikang Filipino, masasabing “bata”pa ang pambansang wika kumpara sa iba pang mga pangunahing wika sa mundo. Bagaman patuloy itong umuuswag at malayang umaangkop sa mga pagbabagong nagaganap sa loob at labas ng bansa, masasabing mas nangangailangan pa ito ng ibayong paggamit lalo na sa iba’t ibang larang.

Sa pangkalahatang pagtingin, mas nakapaloob sa akademya ang pagtutulak at paggigiit na maging intelektwalisado ang wikang Filipino.

Nangangailangan kung gayon ng mga mananaliksik, manunulat, at mga gurong magdidiskurso gamit ang pambansang wika partikular sa iba’t ibang akademikong paksa’t usapin.

Sa katotohanan, maraming mga larang at espesyalisasyon ang masasabing nahihirapangmaging “bukas”sa paggamit ng wikang Filipino. Kung ang mga praktisyuner at iskolar ang sisipatin, madalasna mas kumikiling sila sa paggamit ng wikang Ingles, na matutunton naman sa ilang dahilan: una, sa wikang Ingles nakasulat ang karamihan ng mga teksbuk at babasahing tumatalakay sa kanilang

espesyalisasyon; ikalawa, mas “nasanay”sila na gamitin ang wikang Ingles dahil ito ang wikang ginamit ng kanilang mga propesor bilang midyum ng pagtuturo; ikatlo, maaaring wikang Ingles ang “itinatanghal”na wika ng pag-aaral-pagkatuto ng kanilang pinanggalinagang paaralan; at ikaapat, wikang Ingles ang mas ginagamit ng mga indibidwal na ito sa kanilang lugar ng trabaho.

Sa madaling sabi, *de facto* o sa realidad ang puspusang paggamit ng wikang Ingles sa iba’t ibang larang kung kaya’t nakasasagabal ito sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino. Bagaman masasabing mayroon nang pagsusumikap sa paggamit ng wikang Filipino, nakukulong pa rin ang paggamit nito sa iilang larang o espesyalisasyon. Kadalasan, ang mga makabayang iskolar at propesyon ang siyang nagpupursigi sa kagyat na paggamit ng pambansang wika at sa pagbuo’t pagpapatupad ng mga adbokasiya na magpapaunlad pa rito.

Masasabi mo bang aktibong ginagamit ang wikang Filipino sa iyong larang? Kahit pa ang sagot mo ay hindi gaanong ginagamit, ang pagkakaroon ng ilang materyal hinggil sa pagdidiskurso ng kaalamang nagmumula sa iyong larang ay isang kongkretong manipestasyon na mas mainam na gamitin ang wikang Filipino bilang wika ng kaalaman at karunungan. Gaya ng iyong nasaksihan, gamit ang Filipino bilang wika ng karunungan, mas nagiging mabisa ang pag-unawa at popularisasyon ng iba’t ibang paksa mula sa iyong larang.

Sa kasalukuyan, bagaman marami nang mga iskolar at akademiko ang gumagamit ng wikang Filipino sa kani-kanilang mga pananaliksik at akademikong pagsusulat, nangangailangan pa rin ito ng malawak na suporta sa lahat ng institusyong panlipunan sa Pilipinas.

Sa susunod na seksiyon, aalamin mo naman ang kahalagahan at ang ambag ng pagsasalin at pag-aangkop sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino.

3.0 PAGSASALIN AT PAGSASAKATUTUBO TUNGO SA INTELEKTWALISASYON NG WIKANG FILIPINO

Sa kaso ng Pilipinas, masasabing nagsimulang magkaanyo ang pagsasalin ay ginamit bilang instrumento upang kagyat na masakop ang bansa. Ginamit ito ng mga mananakop na Kastila upang maipaunawa sa mga katutubong wika ng mga Pilipino ang mga aral ng Kristiyanismo. Batay na rin sa mga pagbabagong dala ng kanluraning edukasyon sa Pilipinas, mas naging maigting ang pagsasalin na isinagawa ng mga Pilipino, partikular sa mga kanluraning panitikan at teksbuk, patungo sa wikang Tagalog, at P/Filipino.

Sa kasalukuyan, adyenda ng pagsasalin ang makapagsalin ng mga teksto mula sa mga katutubong wika sa Pilipinas patungong wikang Filipino at vice versa, at makapagsalin ng mga teksto mula sa mga banyagang wika patungong Filipino at mga katutubong wika sa Pilipinas at vice versa. Sa tulong at inisyatiba ng mga organisasyon at institusyon tulad ng Language Education Council of the Philippines (LEDCO), National Commission on Culture and Arts (NCCA), Philippine Educational Theatre Association

(PETA), Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Filipinas Institute of Translation (FIT),

University of the Philippines (UP), Philippine Normal University (PNU), Ateneo de Manila University (ADMU), De La Salle University (DLSU), at iba pa, ay patuloy na lumalakas ang pagsasalin bilang disiplina at patuloy na dumarami ang mga iskolar na nagteteorya hinggil sa pagsasalin at gumagawa ng mga proyektong salin.

Sa katunayan, marami nang historikal na mga pag-aaral hinggil sa pagsasalin sa Pilipinas. Isa sa mga pag-aaral na ito ang librong *Apat Na Siglo Ng Pagsasalin: Bibliograpiya ng mga Pagsasalin sa Filipinas, 1593-1998* ni Lilia Antonio, na nagpapakita ng pag-unlad ng mga isinaling teksto sa karanasan ng Pilipinas. Bagaman lumitaw sa kaniyang pag-aaral na masigasig na ang pagsasalin partikular sa mga tekstong pampanitikan, malaki pa rin ang hamon sa pagsasalin lalo na sa mga teknikal na teksto.

Ang pagsasalin ay pagpapaunawa sa kahulugan ng teksto mula sa pinanggalingang wika tungo sa target na wika. Mayroon itong iba't ibang uri (Newmark 1988):

- Salita-sa-salita (One-on-one Translation) –literal na isinasalin ang teksto Halimbawa: beautiful woman magandang babae

- Naturalisasyon (Naturalisation) –mula sa bigkas ay iniaangkop sa morpolohiya Halimbawa: television telebisyon

- Leksikal na kasingkahulugan (Lexical Synonymy) –paggamit ng kasingkahulugang salita
  Halimbawa: old book lumang libro; old man matandang lalake

- Kultural na katumbas (Cultural Equivalent) –wastong salin sa kultural na gamit
  Halimbawa: coffee break meryenda

- Panghihiram (Transference) –pagkuha ng mismong salita
  Halimbawa: pizza, burger, hotdog

Sa kaso ng pagsasalin sa akademya partikular sa larang ng Sikolohiya, mas pinalawig ni Enriquez (1985) ang pagsasalin sa iba't ibang antas kung gaano *kalapit* o *kalayo* nito sa karanasang Pilipino. Sa kaniyang iskima, binibigyan ng bigat na maiangkop ang mga banyagang salita/konsepto sa karanasang Pilipino:

1. Hiram ganap – hinihiram nang tuwiran ang banyagang salita nang walang pagbabago
2. Hiram paimbabaw – sinusunod ang tunog ng banyagang salita ngunit pinapalitan ang baybay ayon sa ortograpiyang Filipino Saling panggramatika – kahawig ng hiram paimbabaw ngunit isinasaalang-alang ang dulas ng pagbigkas
3. Saling hiram – humahanap ng pinakamalapit na salin ng salita
4. Hiram sanib – pagsasanib ng baybay sa dayuhang wika at morpemang Filipino
5. Saling likha – bumubuo ng bagong katumbas na salita o lipon ng mga salita
6. Salitang daglat-pag-aangkop gamit ang pinaikling anyo ng salita (e.g. BK- Bago si Kristo; Kgg. Kagalang-galang)
7. Salitang tapat – pinakaangkop na salin batay sa kultura (e.g. maturity – hustong edad)
8. Saling angkop – pagsasakatutubo ng konsepto (e.g. social interaction – pakikipagpalagayang-loob)

Ang tanong ngayon ay kung paano nga ba nakatutulong ang pagsasalin sa pagiintelektwalisa ng wikang Filipino, partikular sa paglalapat ng mga kaalamang nagmumula sa banyagang wika?

Sa kadahilanang mas maraming inaangkat o kinukuhang kaalaman ang mga Pilipino sa mga kanluraning bansa, partikular ang Amerika, hindi na nag-aatubiling maisalokal o maisakonteksto ang mga teknikal na salitang ginagamit sa mga kaalamang ito. Isang estratehiya ang pagsasalin upang magamit ang mga teknikal na termino na nagmumula sa mga banyagang wika. Kadalasan, mauuri ang pagsasaling ito sa tatlong anyo: ganap na panghihiram (hal. *microphone)*, panghihiram nang may pagsasalin (hal. *mikropono*), at paglikha (hal. *miktinig*).

Bagaman masasabing nakapag-aambag ito sa lalong pagpapalawak ng mga teknikal na salitang maaaring magamit sa wikang Filipino, ay may limitasyon pa rin naman ang ganitong proseso.Kailangan bang lagi na lamang magsalin ng mga teknikal na termino mula sa banyagang wika? Sa dinami-rami ng mga wika at wikain sa Pilipinas ay baka mayroong mga lokal na salitang maaaring gamitin para sa mga teknikal na salitang nagmumula sa labas ng bansa?

Sa ganitong perspektibo pumapasok ang usapin ng *pagsasakatutubo*. Tunguhin nitong humanap o tumukoy ng mga lokal na salita at lumikha ng mga kaaalamang nagmumula sa lokal na karanasan.

Gawin nating halimbawa ang salitang *precipitation* na karaniwang ginagamit sa Agham. Karaniwan itong isinasalin sa wikang Filipino bilang *presipitasyon*. Ano kaya ang magiging kaibahan kung gamitin mo ang salitang *pamumuo* para rito? Mas mauunawaan mo ba ang kahulugan nito? Sa palagay mo ba ay mas angkop ito sa kultura at karanasang Pilipino?

1. Isa pang halimbawa: Kadalasang ginagamit ang *social interaction* sa larang ng Araling Panlipunan na karaniwang isinasalin bilang *interaksiyong sosyal*. Ano kaya kung ang Saling panggramatika – kahawig ng hiram paimbabaw ngunit isinasaalang-alang ang dulas ng pagbigkas
2. Saling hiram – humahanap ng pinakamalapit na salin ng salita
3. Hiram sanib – pagsasanib ng baybay sa dayuhang wika at morpemang Filipino
4. Saling likha – bumubuo ng bagong katumbas na salita o lipon ng mga salita
5. Salitang daglat-pag-aangkop gamit ang pinaikling anyo ng salita (e.g. BK- Bago si Kristo; Kgg. Kagalang-galang)
6. Salitang tapat – pinakaangkop na salin batay sa kultura (e.g. maturity – hustong edad)
7. Saling angkop – pagsasakatutubo ng konsepto (e.g. social interaction – pakikipagpalagayang-loob)

Ang tanong ngayon ay kung paano nga ba nakatutulong ang pagsasalin sa pagiintelektwalisa ng wikang Filipino, partikular sa paglalapat ng mga kaalamang nagmumula sa banyagang wika?

Sa kadahilanang mas maraming inaangkat o kinukuhang kaalaman ang mga Pilipino sa mga kanluraning bansa, partikular ang Amerika, hindi na nag-aatubiling maisalokal o maisakonteksto ang mga teknikal na salitang ginagamit sa mga kaalamang ito. Isang estratehiya ang pagsasalin upang magamit ang mga teknikal na termino na nagmumula sa mga banyagang wika. Kadalasan, mauuri ang pagsasaling ito sa tatlong anyo: ganap na panghihiram (hal. *microphone)*, panghihiram nang may pagsasalin (hal. *mikropono*), at paglikha (hal. *miktinig*).

Isa pang halimbawa: Kadalasang ginagamit ang *social interaction* sa larang ng Araling Panlipunan na karaniwang isinasalin bilang *interaksiyong sosyal*. Ano kaya kung ang gagamitin mong tumbas nito ay *pakikipagkapwa*? Hindi ba't mas tumitingkad ang yaman ng konsepto/termino sa konteksto ng karanasang Pilipino (Zafra 2006)?

Sa usapin ng pagsasakatutubo kung gayon, hindi itinatanghal ang wikang Filipino bilang *target na wika* (na gaya ng sa pagsasalin), kundi ang mismong pinagmumulan ng kultura at karunungan.

Sa puntong ito, maaaring napagtanto mo nang hamon sa usapin ng intelektwalisasyon ang mailapat sa kalinangang Pilipino ang anumang kaalamang nagmumula sa labas ng bansa. Kadalasan, ang mga kanluraning konsepto at lapit sa pag-aaral at pananaliksik ang siyang ginagawang modelo o padron ng mga Pilipinong iskolar sa kani-kanilang mga disiplina. Sa ganitong realidad, nagkakaroon ng mali, o di husto, o di wastong pagpapasa o paglalapat ng mga impormasyon at ideya. Sa madaling sabi, maaaring hindi akma ang mga banyagang pamamaraan sa tiyak na gamit ng mga ito sa kultura at lipunang Pilipino. Magkaiba ang perspektibong/kaalamang nagmumula sa *loob* at ang perspektibong/kaalamang nagmumula sa *labas*. Kung hindi maisasakatuparan ang pagbuo ng sariling kaalaman, mananatiling tagabili at tagasunod lamang ang Pilipinas sa kung ano ang mayroon sa mga banyagang bansa.

Ang mas mabigat na hamon kung gayon ay kung paaano bubuo ng sariling kaalaman (na nakapaloob sa sariling wika) gamit ang wikang Filipino. May nauna nang mga intelektwal na tumuklas sa yamanng kaalamang nakapaloob sa pambansang wika.

Ginamit ng bawat isa ang disiplinang kaniyang pinagdalubhasaan upang mabuksan ang dulang ng kaalaman. Ginamit ng P. Roque Ferriols, S.J. ang pilosopiya upang mapagaralan ang kalooban ng Pilipino na isinisiwalat ng wika. Isa pang Heswita, si P. Alberto Alejo,ang gumamit sa teolohiya upang buksan ang wika at alamin ang mga pagpapahalagang relihiyosong nakatanghal dito. Ang disiplina ng sosyolohiya naman ang gumabay kay Dr. Prospero Covar sa kaniyang paggalugad sa pananaw sa buhay at pagpapahalaga ng mga Pilipino. Kay Dr. Zeus Salazar, kasaysayan ang disiplinang naging susi sa pagteteorya niya tungkol sa kasaysayan at lipunang Pilipino. Ang

Sikolohiyang Pilipino ni Dr. Virgilio Enriquez ay bunga ng kaniyang paggamit sa disiplina ng sikolohiya upang arukin ang nilalaman ng mga salita ng pambansang wika at makabuo ng teorya kung paano mag-isip at magpahalaga ang mga Pilipino. Sa larang ng panununing pampanitikan, naging tagapanguna si Virgilio Almario bilang kritikong sumasaliksik sa mga salita sa pambansang wika upang tuklasin ang estetika ng mga manlilikhang Pilipino noon at ngayon (Lumbera 2005).

PANGWAKAS

Kapwa proseso at layon ang intelektwalisasyon. Sa kaso ng wikang Filipino, patuloy ang pag-uswag nito sa pamamagitan ng paggawa ng mga pananaliksik at paglalathala ng mga teksbuk, diksiyunaryo, artikulo, libro hinggil sa pagsasaayos ng ortograpiya at gramatika, at mga manwal sa pagsulat ng wikang Filipino. Dagdag pa rito ang mga nagawa na hinggil sa pagbuo ng korpus at register ng mga larang. Ngunit bagaman kinikilalang mahalaga ang mga ito, aanhin ang mga publikasyong ito na maaaring amagin at anayin lamang sa mga silid-aklatan kung ikaw mismo ay hindi gagamit ng pambansang wika. Gaya nga ng winika ni Galileo Zafra (2006), “Bawat isa sa atin ay puwedeng makaambag para matupad ang pinapangarap nating layon para sa wikang Filipino–hindi pagkaraan ng sadaang taon kundi ngayon.”

MODYUL 8 ANG WIKANG FILIPINO SA MGA ISYUNG LOKAL

PANIMULA

Tinalakay sa mga nakaraang modyul ang papel na ginagampanan ng wikang Filipino sa produksiyon ng kaalaman sa iba’t ibang larangan. Inaasahang nabigyan mo ng higit na pagpapahalaga ang gamit ng pambansang wika sa pagtuklas at paglinang ng kaalamang lokal at katutubong kaalaman, at ang kakayanan nitong magamit sa mga akademikong diskurso gaya ng disiplinang iyong pinag-aaralan.

Sa modyul na ito, masusulyapan mo ang lunan ng wikang Filipino sa gitna ng mga isyung kinakaharap ng lipunan sa kasalukuyan. Ang modyul na ito ay magsisilbing kapwa hamon at gabay tungo sa ibayong pagpapahalaga sa Filipino bilang wikang nagbibigay-halaga sa pagkakaiba-iba ng mga etnolinggwistikong pangkat, nang sa gayon ay maging daan upang magbigkis ang mga ito tungo sa pagbuo ng isang nagkakaisang kabansaan.

1.0 Ang Wikang Filipino, Wikang banyaga, at Usapin ng Pagkamakabayan

Malayo na ang narating ng wikang Filipino mula nang mabuo ito noong ika-20 siglo. Noong una, ang pagkakatatag ng Filipino bilang wikang pambansa ay naglalayong pagisahin ang kapuluang binubuo ng libu-libong pulo na tahanan ng daan-daang pangkat etniko na nagsasalita ng iba’t ibang wika at diyalekto. Sa pagkakaroon ng pambansang lingua franca, masasalamin ang adhikain ng bayan na makabuo ng isang bansa na may iba’t ibang kultura at wika ngunit nagkakaisa.

Ngunit, sa kasalukuyan ay nananatili pa rin ang katayuan ng Ingles bilang lingua franca sa bansa, bukod sa Filipino. Halimbawa, malimit na sinasabing kapag napupunta sa Cebu ang isang tagapagsalita ng Filipino, ay gagamitan siya ng Cebuano o Ingles sa pakikipag-usap, at hindi Filipino. Kapag nakikisalamuha sa mga banyaga, Ingles din ang ginagamit sa pakikipag-usap, at nasa kamalayan ng marami na ang mga Pilipino ay magaling mag-Ingles kung kaya naging sentro ng call center industry at maging ng social media ang Pilipinas.

Talakayan

Naging usap-usapan ang tila pagsesermon ni Robin Padilla sa isang Koreano na kontestant sa palabas na [Pilipinas’] Got Talent. Idinidiin ni Padilla na dahil nakapamalagi na ang Koreanong kontestant nang may 10 taon sa Pilipinas, ay dapat lamang na natuto na siyang mag-Tagalog [Filipino].

Ang sermon ni Padilla ay hindi lamang sa Koreano, sapagkat pinalawig niya ito sa pagtalakay ng pagmamahal sa wika bilang pagmamahal sa bansa. Sinabi niya na kung siya nga ay nag-aaral ng wikang sinasalita sa isang lugar na pinupuntahan niya, dapat ay ganoon din ang mga banyaga sa pagdating sa Pilipinas. Mahihinuha rin ang panawagan niya sa mga Pilipino na kung may dumarating na banyaga sa kanilang lugar ay limitahan ang paggamit ng Ingles, at bagkus pilitin (o hikayatin) sila na aralin ang wikang Filipino. Para kay Padilla, ang pagtangging gamitin ang Ingles (o anumang wikang banyaga), at sa halip ay gamitin ang Filipino, sa pakikipag-usap sa loob ng bansa, ay siyang tanda ng pagmamahal sa bayan.

Malinaw ang pagtatalaban ng pagiging ‘hospitable’ at ‘makabayan’ sa diskursong ito na inihatid ng video clip sa itaas. Masasabing aspekto ng pagkamakabayan ang pagmamahal sa wika sa pamamagitan ng paggamit nito. Ngunit sa kabilang banda, ang pagkatuto ng ibang wikang banyaga, gaya ng Ingles, ang siya ring nagbigay-kakayahan sa mga Pilipino na lumaganap sa iba’t ibang panig ng daigdig at ipahiram naman ang dala-dala nilang wika, ang wikang Filipino, na masasalamin sa mataas na bilang ng tagapagsalita nito sa ibang bansa at pagpasok ng ilang salita sa internasyonal na inilathalang diksiyonaryo, gaya ng Oxford English Dictionary.

2.0 Ang Wikang Filipino at iba pang mga Wika sa Pilipinas

Bagaman makikita ang pagiging buhay ng wikang pambansa hindi lamang sa loob ng Pilipinas kundi maging sa ibang dako ng mundo, hindi dapat isantabi ang kasalukuyang kalagayan ng iba pang mga wika sa bansa. Sa pinakahuling pag-aaral, sa bawat dalawang linggo ay may isang wika sa mundo ang tuluyang naglalaho. Sa Pilipinas, may apat na wika ang nakatala na bilang extinct: Dicamay Agta (Isabela), Villa Viciosa Atta (Abra), Ayta Tayabas (Quezon), at Katabaga (Quezon). Dahil dito, itinatag ang iba’t ibang organisasyon gaya ng Endangered Voices Project ng National Geographic upang maisalba ang di-kanais-nais na sitwasyong pangwika sa iba’t ibang panig ng daigdig sa pamamagitan ng mga gawaing makapagpapanatili (preservation) o makapagdodokumento (archiving) man lamang ng mga wikang nanganganib nang tuluyang mabura sa kasaysayan.

Talakayan

Itinuturing na “Babel’s Paradise” ang Pilipinas dahil sa mataas na bilang ng mga wikang umiiral sa isang maliit na sukat ng lupa (kung ikukumpara sa mga naglalakihang bansa na may kaunting bilang ng wika lamang). Natatangi ang bansa pagdating sa larangan ng linggwistiks sapagkat hitik ito sa impormasyon at datos na magagamit sa pagbuo ng pangkalahatang kabatiran ukol sa kalikasan, kayarian, at pag-uugnay-ugnay ng mga wika. Malimit na tinutumbasan ng biodiversity ang linguistic diversity sa isang lugar — i.e. ang mga lugar na may mataas na biodiversity ay kadalasang siya ring may mataas na bilang ng iba’t ibang wikang katutubo roon. Ang pagkawala ng isang wika ay gaya na rin ng pagkawala ng isang species ng hayop o halaman. Kaya naman maraming advocacy linguist ang nagsisikap na mapigilan ang tuluyang paglaho ng mga endangered na wika o yaong nanganganib na tuluyang mawala.

Maraming salik ang nag-aambag sa paghantong ng isang wika sa estadong endangered o extinct. Ang pagpasok ng isang gahum na wika ay maaaring maging dahilan upang tuluyang hindi gamitin ng pamayanan ang kinagisnan nitong wika. Halimbawa, hindi na ganoon kainteresado ang mga magulang na Maranao sa Quiapo, Maynila na ituro ang bernakular sa kanilang mga anak, yayamang tinatanaw nila ang posibilidad na sa Maynila na rin lalaki at makikipamuhay ang kanilang mga anak. Ang ilan naman ay dahil sa itinuturing na mas prestihiyoso ang lingua franca na ginagamit doon, kung kaya kusa na silang lumilipat ng ginagamit na wika, gaya ng makikita sa mga Sama sa konteksto ng ‘mas nakaaangat’ na etnolinggwistikong pangkat ng Tausug sa Mindanao.

3.0 Ang Wikang Filipino at ang Multilingwal na Edukasyon

Bilang pagtugon sa panawagang igalang ang karapatan ng bata na matuto sa kaniyang kinagisnang wika, ipinatupad ang Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTBMLE) sa Pilipinas. Ito ay naglalayon ding pataasin ang antas ng pagkatuto ng mga bata sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanilang mother tongue, na magbibigay-daan upang mas madaling maunawaan ang mga konsepto sa iba’t ibang asignaturang kanilang pinag-aaralan, gaya ng science at math.

Gayunman, umusbong ang ilang mga puna hinggil sa bagong patakarang ito. Sinasabing ang pananaliksik na isinagawa ay sa isang liblib na lugar kung saan karamihan ay monolingguwal. Bumabangon ang mga suliranin kaugnay ng MTBMLE sa mga lugar na itinuturing na melting pot o hugpungan ng mga tao mula sa iba’t ibang lugar at may kani-kaniyang wikang kinagisnan. Dahil dito, mahirap ang lohistikal at pinansiyal na pagpapatupad ng nasabing panukala dahil kailangang bigyang-puwang at tanggapin ang lahat ng mga mag-aaral, anuman ang etnolinggwistikong pangkat na kanilang kinabibilangan. May ilan ding nagsasabing tila pinapatay nito ang wikang pambansa dahil naisasantabi diumano ang pagkatuto nito sa loob ng silid-aralan. Ito ay ilan lamang sa mga usaping kailangang himayin at pag-usapan upang mapayaman pa ang pagpapaunlad ng patakarang MTBMLE sa isang multilinggwal at multikultural na bansa gaya ng Pilipinas.

Talakayan

Ang Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTBMLE) ay isa sa mga pangunahing makinarya upang palaganapin ang pagpapahalaga sa bernakular sa pamamagitan ng paggamit nito bilang medium of instruction sa mga unang taon ng estudyante. Maliban sa pinakamainam ang pagkatuto ng mag-aaral sa wikang kaniyang kinagisnan, nais ding patunayan ng sistemang pang-edukasyon na ito na ang lahat ng wika ay pantay-pantay sapagkat lahat ay maaaring gamitin sa anumang konteksto gaya ng akademikong diskurso o talakayan sa loob ng silid-aralan. Gayunman, kinakailangan pa ng ibayong pagpapaigting sa MTBMLE sapagkat sa kasalukuyan, iilang wika pa lamang ang ganap na nagawan ng materyales para sa pagtuturo. Ang umiiral na lingua franca sa lugar ang ginagamit na panturo sa mga estudyante, gaya ng makikita sa Baguio, kung saan Ilokano ang wikang panturo sa kabila ng mataas na linguistic diversity sa lugar, lalo na ng mga wika sa Cordillera.

Para sa maraming Austronesianist, itinuturing ng mga tagapagsalita ng mga wikang

Austronesyano (kung saan kabilang ang mga wika sa Pilipinas) na karangalan (achievement) ang pagkatuto ng isa pang wika. Ito ang dahilan kung bakit itinuturing na multilingguwal ang Pilipinas, bukod pa sa multikultural nitong kalagayan. Karamihan, kung hindi man lahat, ay nakapagsasalita o nakaiintindi ng dalawa o higit pang wika at nagagamit ang mga wikang ito sa pakikipagtalastasan sa loob at labas ng pamayanan.

Ang pagkakabuo ng wikang Filipino bilang wikang pambansa ay nakasandig sa pananaw na ang pambansang lingua franca na ito ay magiging mapaglangkap, i.e. magbibigay-kakayanan sa marami, kung hindi man lahat, ng mamamayan ng bansa na makalahok sa pambansang diskurso, at nang sa gayon ay makabahagi sa pagbuo ng mga pambansang pagpapasya. Malaki kung gayon ang papel na ginagampanan ng Filipino sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng lahat ng wika ng bansa, at vice versa.

Samantala, ang pagsaksi sa paglaganap at pagpapahalaga sa Filipino sa loob at labas ng bansa ay magbubunsod din naman ng pagpapahalaga sa bernakular: nag-aambag ang huli sa pag-unlad ng Filipino sa pamamagitan ng pagpapahiram ng mga salita – at

bagong kaalaman at kamalayan – mula sa mga katutubong wika. Ang pagpapahalagang iniuukol sa bernakular na sumasalamin sa pagpapahalaga sa ugat at kinagisnan ng bawat Pilipino ay hahantong sa pagpapahalaga sa kabansaan sa kabuuan.

MODYUL 9 ANG WIKANG FILIPINO SA MGA ISYUNG INTERNASYONAL

Panimula

Mula sa naunang modyul tungkol sa lokal na usapin sa wikang Filipino, makikilala mo sa modyul na ito ang iba’t ibang hamon na hinaharap ng wikang Filipino bilang wikang internasyonal. Dahil ginagamit at sinusulong ito ng mga komunidad ng mga Pilipino sa labas ng bansa, naaapektuhan at nakaaapekto ito sa estado nila bilang manggagawa, propesyonal, at mamamayan ng mundo. Masusuri mo ang mga isyung umiinog sa diaspora at migrasyon ng mga Pilipino sa iba’t ibang dako ng mundo, ang ugnayan ng wikang Filipino at mga usaping global.

1.0 Wikang Filipino bilang Wikang Internasyonal

Dala ng malawakang migrasyon at diaspora, maraming Pilipino ang nagtatag at nagpatibay ng kani-kanilang komunidad sa iba’t ibang bansa. Bilang mga unang migrante at tagapagtatag ng mga komunidad Pilipino, mayroon silang malinaw na karanasan at kabataan sa Pilipinas. Ang kanilang konstruksyon ng “pagka-Pilipino” (kabilang ang wikang Filipino at/o rehiyonal na wika sa Pilipinas) ang siya naman nilang ipinasa sa kanilang mga anak at/o apo. Bitbit nila ang ala-ala ng bansa, maging ang wika at kulturang ipinapasa sa mga miyembro ng komunidad at susunod na henerasyon ng mga miyembro nito. Ang sumunod na henerasyon na ipinanganak sa Estados Unidos at kinikilala bilang mga legal na Amerikano, ang siya naman ngayong tagapagpatuloy at abala sa rekonstruksyon ng mga alaala ng “pagka-Pilipino.” Ayon kay Mendoza (147-150), ito ang henerasyon na hindi lumaki sa Pilipinas ngunit napipilitang kumunsumo ng mga produktong kultural nito upang mailatag ang kanilang identidad. Nililikha ng diaspora ang mga komunidad ng mga Pilipino sa labas ng Pilipinas na humuhugot ng pagkakakilanlan sa wika at kulturang Pilipino.

Kaakibat ng paglawak ng presensiya at impluwensiya ng mga Pilipino sa ibang bansa, ang pagluklok sa wikang Filipino bilang isang wikang internasyonal. Ginagamit ang wikang ito sa iba’t ibang bansa, hindi lamang ng mga Pilipino kundi maging ng mga dayuhan na iba

ang unang wika. Malamang nakita at napanood mo sa Youtube ang ilang dayuhang nagsasalita, kumakanta, at nakikipag-usap sa wikang Filipino. Ang ganitong uri ng popularidad ng wikang Filipino ay nagpapakita ng patuloy na interes, pag-aaral at pagkalantad (exposure) sa wikang Filipino bilang isang wikang internasyonal. Dahil na rin sa iba't ibang digital platforms at social media networks lalo pang lumaganap ang impluwensiya ng wikang Filipino sa espasyong global.

2.0 Usaping Internasyonal at Wikang Filipino

Sa migrasyon ng iba't ibang lahi, ang pagpapatuloy at pagsusulong nila sa kanilang sariling kultura ay may tuwirang epekto sa kanilang trabaho, komunidad, at buhay sa ibang bansa. Nagiging bukas sila sa hamon at suliranin ng pagbabalangkas ng sariling identidad habang sa dayuhang teritoryo. Kasama sa mga hamon at suliraning ito ang diskriminasyon, displacement, at international security, na mahahalagang isyung kaakibat ng migrasyon ng mga tao mula sa iba't ibang panig ng daigdig.

Dahil hindi maaring ihiwalay ang wika sa konteksto ng global na mundo, nakaaapekto ang mga usaping internasyonal sa pag-iral ng wikang Filipino. Sa pagkakataong ito, ang pagiging dayuhan ng wikang Filipino sa ibang bansa ay nagdudulot ng iba't ibang karanasan at hamon para sa mga Pilipinong gumagamit nito.

Batay sa mga sanaysay na binasa mo sa Gawain 3, makikita mong may mahigpit na ugnayan ang wikang Filipino at mga usaping internasyonal katulad ng isyu ng diskriminasyon at pagsasantabi. Kasama sa usaping pangwika ang karanasan ng maraming OFW na nagtatrabaho sa ibang bansa na hindi sapat ang kaalaman at kasanayan sa Ingles.

PANGWAKAS

Habang dumadami at lumalawak ang saklaw ng komunidad ng mga Pilipino sa ibang bansa, inaasahang lalo pang kikilalanin ng mundo hindi lang ang talino, sipag, at husay ng mga Pilipino kundi maging ang wikang Filipino. Makapag-aambag ito sa prestihiyo ng wikang Filipino bilang wikang internasyonal.

Gayundin, ang pag-iral ng wikang Filipino sa labas ng bansa ay kasalukuyang humaharap sa maraming hamon at usapin. Dahil ito ay wikang buhay, nagiging bukas ito sa iba't ibang salik at impluwensiya na patuloy na magbabago nito. Mahalagang tingnan na ang mga hamon na ito ay lalo lamang magpapayaman sa diskurso at magpapalalim sa pag-uswag ng wikang Filipino.

MODYUL 10 PAGSASABUHAY, PAGPAPATATAG, AT PAG-USWAG NG WIKANG FILIPINO

PANIMULA

Pagbati! Nakaabot ka na sa pinakahuling bahagi ng ating kursong Wika 1.

Bago ang modyul na ito, nailatag sa iyo ang iba't ibang usaping lokal at internasyonal na kinakaharap natin bilang mamamayan at kabahagi ng pamayanan, bayan, at bansa. Nailinaw sa naunang modyul ang iba't ibang puwersa at isyu na nakakaapekto sa pagiral ng ating mga wika, lalo na ang wikang pambansa.

Sa huling modyul na ito, maitatampok ang isa sa kahalagahan ng kursong ito: ang pagpapahalaga sa mga wika sa Pilipinas bilang batayan sa pagpapaunlad ng wikang pambansa. Ang pagsasabuhay, pagpapatatag, at pag-uswag ng wikang Filipino ay nakasalalay sa pagsulong ng iba't ibang wika sa ating bansa. Sa *UP Diksiyonaryong Filipino* ang salitang ugat na *uswag* ay kahulugan ng *unlad* (Almario 1311). Ang paggamit ng salitang "pag-uswag" sa modyul natin ay isang kongkretong halimbawa ng papel ng mga wika sa Pilipinas sa pangkalahatang pag-unlad ng wikang Filipino, ang wikang pambansa.

Matalik ang relasyon at pag-unlad ng wikang Filipino sa wikang rehiyonal, maging sa mga sosyolek at iba pang winiwika ng iba't ibang mga sektor at grupo sa ating lipunan.

1.0 Unibersal na nukleyus at pagpapatatag sa wikang Filipino

Ayon kay Paz, sa paliwanag ni Dr. Teresita Jimenez-Maceda (i-iv), hindi artipisyal na likha o imbento lamang ng ilang linggwist ang wikang Filipino. Sa atin mismo ito nagmumula, at tayong mga Filipino mismo ang nagbibigay-buhay dito batay sa ating pangangailangan at paggamit. Kinikilala rin ang papel ni Dr. Ernesto Constantino at kaniyang mga kasamahan sa pagsaliksik ng mga iba't ibang etnolingguwistikong pangkat kaugnay ng mga wikang sinasalita na

bunga ng likas na pakikipag-ugnayan at interaksiyon ng mga may magkakaibang katutubong wikang kinagisnan.

Dagdag pa, sinasabi ni Maceda (iv) na kaya wikang Filipino ang Filipino dahil mismong tayong mga karaniwang mamamayang Pilipino ang nakapag-aambag sa pag-uswag ng wikang Filipino. Bukas ang wikang Filipino sa ambag ng iba't ibang wika sa bansa at maging iba pang wika, tulad ng nasasaad din sa ating Konstitusyon.

Higit sa lahat, may mga komon na elementong makikita sa karamihan, kung hindi man sa lahat, ng mga wika sa Pilipinas (Paz 9-16).

Pagtalakay

Sa artikulo, malinaw na makikita ang esensiya ng sinasabi ni Dr. Consuelo Paz:

- ❖ May "unibersal na nukleyus" (UN) sa wikang Filipino (9). Ang konsepto ng unibersal na nukleyus ng magkakaugnay na wika ay makikita sa lahat ng wika. Halimbawa, para sa mga nakapag-aral na ng wikang Espanyol, hindi na mahirap na aralin at hindi na nagsisimula sa wala ang pag-aaral ng wikang Pranses dahil nagmumula ang Espanyol at Pranses sa isang pamilya ng wika.
- ❖ May mga elementong komon sa mga wikang magkakamag-anak. Malinaw na tinalakay ni Paz ang tungkol sa language universals sa iba't ibang lebel — i.e. mga tunog, mga morpim at mga salita, sintaks, at kahulugan (9-16).
- ❖ Pinagtuunan niya ang usapin na ang wikang Filipino ay wika nating lahat at hindi lamang limitado sa isang grupong etnolingguwistiko. Itong unibersal na nukleyus ang batayan ng pagpapatatag ng ating wikang pambansa.

Pagtalakay

Sinasabi ni E. Constantino (179-186) na

- ❖ Unang ilusyon o maling paniniwala ang pag-iisip na hindi natin mapapaunlad (walang pag-uswag) ang wikang Filipino. Nilinaw niya na hindi totoo na hindi natin mapapaunlad ang wikang Filipino, lalo sa gitna ng mga pagpaplanong pangwika kaugnay sa ating wikang pambansa.
- ❖ Isa pang ilusyon ang pananaw na papatayin ng wikang pambansa ang mga katutubong wika oras na mapaunlad na ang wikang pambansa, o lalo na mananatiling pangalawang wika lamang ang wikang pambansa para sa karamihan na may wikang kinagisnan labas sa wikang Filipino.
- ❖ Ilusyon din diumano ang pananaw na hindi maaaring umunlad ang wikang ibabatay sa maraming wika. Upang sagutin ang ilusyon na ito, inihalimbawa niya ang Chabakano na wikang umunlad batay sa mahigit sa isang wika. Sinasabi niyang ang wikang pambansang pinipili natin ay natural na umuunlad na wika na batay sa maraming wika.

2.0 Wikang rehiyonal sa pag-uswag ng wikang Filipino

Ayon kay Dr. Michael Coroza (x) sa librong *Ambagan 2013: Mga Salita Mula sa Iba't Ibang Salita sa Pilipinas*, "Kailangang maisaloob ng bawat Filipino sa iba't ibang rehiyon ng ating kapuluan na kabahagi siya ng mahalagang hakbang sa pagbuo ng wikang pambansa. Ang kaniyang kinagisnang wika ... ang pinakakongkretong manipestasyon ng kaniyang katutubong pakatao.... Nasa kaganapan ng wikang Filipino ang pagkabuo ng pagkataong Filipino."

Kaya't bahagi ng pangangailangang paunlarin ang wikang Filipino batay sa iba't ibang wika sa Pilipinas, ilang taon nang nagsasagawa ng kumperensiyang Ambagan na nagtatampok ng presentasyon ng mga katangi-tanging salita at kaalaman na nasa wikang katutubo (i.e. hindi sa Tagalog). Mainam na suriin ang hakbanging ito upang sipatin paano nga ba ang diyalektikal na ugnayan ng pag-uswag ng wikang Filipino na nakabatay sa iba't ibang wika sa bansa.

Sa proseso ng pagsusuri, magandang hanguan din ng pananaw ang akdang "Ang

Usapin ng Wika para sa mga Filipino at ang Pagbabago ng Lipunang Filipino" ni Dr. Bienvenido Lumbera na mababasa sa *Writing the Nation: Pag-akda ng Bansa* (127131).

Pagtalakay

Hindi bangga ang pagsulong ng wikang rehiyonal sa pagsulong ng wikang pambansa.

Pinapakita ito sa sanaysay ni Lumbera nang banggitin niya ang malaking papel ng Kilusang Pambansa Demokratiko sa malaking pag-unlad sa katayuan ng wikang Filipino. Sinasabi ni Lumbera na napakita ng kilusan na hindi hiwalay ang usapin ng wika sa pagpapalaya ng sambayanan sa neokolonyal na kapangyarihan. Ito ang sinasabi niyang motibasyon ng kilusan upang paunlarin ang wika at palaganapin sa hanay ng mamamayan. Wikang pambansa ang ginagamit sa komunikasyon ng iba't ibang mga rehiyon at wikang

rehiyonal naman ang ginagamit sa pagitan ng mga tagarehiyon mismo. Kaya't sinasabi ni Lumbera na "hindi naging problema sa kilusan ang pagbangga ng wika ng isang partikular na rehiyon sa wikang pambansa". Mahalaga ang pagpapalaya sa sambayanan, kaya "walang puwang ang pag-aagawan ng espasyo ng mga wika ng iba-ibang rehiyon, o ng wikang panrehiyon at ng wikang pambansa" (129).

3.0 Wikang nagmula sa mamamayan, pagsasakapangyarihan sa nakararami

Ang wikang pambansa bilang pambansang lingua franca ay "ebidensiya ng pambansang hangaring maabot ang tunay na unipikasyon ng bansa." Upang maabot ang hangaring ito, ang pagsasabuhay, pagpapatatag, at pag-uswag ng wika ay kailangang batay sa "sistemang demokratiko" o bunga ng pagpapasya ng karamihan. Kailangan din na ang wikang pambansa ay "madaling matutunan" upang may pantaypantay na oportunidad, at"nakabatay sa realidad" na dinamiko o nagbabago ang wika (Paz 3-4).

Halimbawa ng pagiging demokratiko, sinasabi ni Paz na sa pagsasalita ng isang wika (bukod sa wikang katutubo), hindi naiiwasang maiimpluwensiyahan ang bago o pangalawang wika ng mga gawaing linggwistik ng unang wika. Dahilan ito kaya't masasabing malayang nag-aambag ng mga aspekto ng sariling wika sa *lingua franca* ang mga nagsasalita nito. Sinasabi pa niya na walang isang tao, grupo, o institusyon na nagpapasya kung ano ang sasabihin ng nagsasalita kundi ang mga mismong gumagamit ng wikang ito, dala ng pangangailangang makipag-ugnayan sa iba (Paz 4).

Pinakamahalaga sa lahat: Ang paggamit, pagpapayaman, pagtataguyod, at pagsusulong ng wikang Filipino bilang pambansang wikang nagmula sa mamamayan, ay "paraan para maibalik ang kapangyarihan sa nakararami" (Maceda iv).

PANGWAKAS: Sa loob at labas ng usaping pangwika

Masalimuot ang ugnayan ng wika, kultura, at lipunan. Makikita natin na sa hinaba-haba ng panahon at sa samut-sari't kaliwa't kanang pagdidiskurso sa usapin ng wika, maraming sagka, ilusyon, at hamon sa patuloy na pag-uswag ng wikang Filipino. Ngunit malinaw na may komon o unibersal na elemento sa mga wika sa bansa na siyang batayan ng pagtatatag ng wikang Filipino. Kaya't hindi tayo nagsisimula sa wala.

Marami na ang nagawa para sa patuloy na pagsulong ng wikang pambansa at iba't ibang wika sa ating bansa. Buhay, dinamiko, at demokratiko ang wika at hangga’t patuloy itong na tinitiyak ng mga tagapagtaguyod ng wika kung saan kasama ka bilang iskolar ng bayan at estudyante ng Wika 1, hindi mawawala ang pag-asang tuluyang mapalitaw ang wikang tunay na tumutugon sa ating kagalingan bilang pamayanan, bayan, at bansa.

Isang hamon ng nasyonalismo sa ating mga iskolar at akademiko ang pagpili ng paksaing Filipino sa ating pang-akademya at pampamayanang gawain. Malinaw ito sa naging personal na karanasan ng ating Pambansang Alagad ng Sining na si Dr. Bienvenido Lumbera: "Makapangyarihang puwersa" ang nasyonalismong "nakapagbubunsod ng malaking pagbabago sa buhay ng isang indibidwal at sa kalagayan na rin ng bayan" ("Bakit Hindi Paksaing Filipino" 3). Malaki ang papel ng paghubog ng wika sa iyong pambansang kamalayan. Kung mababa ang pagtingin at pagpapahalaga natin sa sariling wika, nagiging mababa rin ang pagtingin sa sarili (*inferiority complex*) bilang indibidwal at bilang mamamayan. Sa pagsasabuhay, papatatag, at pag-uswag ng wikang Filipino, mas tumitibay ang ating pagkilala sa sarili at humihigpit ang ating integrasyon sa ating pamayanan at bayan.

May paalala at hamon din sa atin ni Dr. Gonzalo Campoamor, na kaniyang ipinahiwatig sa artikulong"Neoliberalismo at Pambansang Wikang Filipino". Ayon sa kaniya, bilang mga tagapagtaguyod ng wika at pambansang wika, kailangan nating "pag-usapan ang Filipino (bilang wika at dalumat ng sambayanan) sa labas ng wika" at huwag makitid o paisa-isang tumugon lamang sa mga diskurso na ang kauuwian ay pansamantalang mga solusyon lamang.